**Aralin 4.3 : Nasusuri ang mga pagbabagong pampulitika at ekonomiya na ipinatupad ng kolonyal na pamahalaan**

Takdang Panahon : 3 na araw

**Layunin**

1. Natatalakay ang epekto ng mga pagbabago sa pamamahala ng mga Espanyol sa mga sinaunang Pilipino.
2. Nasusuri ang mga mabuti at di mabuting dulot sa pagbabago ng pamamahala sa mga sinaunang Pilipino.

**Paksang Aralin**

Paksa : Pagbabago sa Lipunan sa Ilalim ng Pamahalaang Kolonyal

Kagamitan : chart, videoclip

Sanggunian : Makabayan: Kasaysayang Pilipino, Alvenia P. Palu-ay ph. 67
AP5KPKIIId-e-4.3
https://tl.wikipedia.org/wiki/Kasaysayan_ng_Pilipinas_(1521%E2%80%931898)#Mga_epekto_ng_pamumuno_ng_Espanya

**Pamamaraan**

**A. Panimula**

1. Balitaan
   Bigyan ng panahon ang mga mag-aaral na pag-usapan ang napapanahong balita.
2. Itanong:
   a. Ano ang masasabi ninyo sa ekonomiya ng bansa, sa pagpasok ng bagong administrasyon?
   b. Paano kaya nakakaapekto ang pamahalaan sa kalagayang panlipunan ng mga Pilipino?
   c. Sa palagay ninyo, alin kaya sa mga departamento sa ating bansa ay nangangailangan ng higit na pansin ng pamahalaan?
3. Isulat sa pisara ang sagot ng mga mag-aaral.
4. Iugnay ang mga sagot sa aralin.

B. **Paglinang**

1. Ilahad ang aralin sa pamamagitan ng pagbasa sa Alamin Mo, LM pahina ___
2. Ipasagot ang mga tanong ang mga tanong mula sa tekstong binasa.
3. Pakinggan ang mga sagot ng mga mag-aaral. Tanggapin ang lahat
4. Ipagawa ang mga sumusunod

   **Gawain A**
   - Ipaliwanag ang pamamaraan sa paggawa ng Gawain A sa LM, p. ___
   - Ipasulat ang kanilang sagot sa notbuk.

   **Gawain B**
   - Ipaliwanag ang pamamaraan sa paggawa ng Gawain B sa LM, p. ____
   - Itala ang mga sagot tungkol ditto.

   **Gawain C**

   - Magbuo ng apat na pangkat.
   - Ipaliwanag ang pamamaraan sa paggawa ng Gawain C sa LM, p. ___
   - Ipasulat ang kanilang sagot sa chart at talakayin ito.
5. Bigyan-diin ang Kaisipan sa Tandaan Mo sa LM. ____
6. Itanong :
   a. Paano nakaapekto sa pamumuhay ng sinaunang Pilipino ang mga pagbabagong hatid ng pamamahalang kolonyalismo?
   b. Alin sa mga pagbabagong ito ang matindi ang naging impluwensya sa ating bansa na hanggang sa ngayon ay iyong natatamasa?

**Pagtataya**

Pasagutan ang Natutuhan Ko sa LM, p. ___ Talakayin ang sagot.

**Takdang Aralin**

Gumawa ng album ng mga artikulo na may kinalaman sa pamamaraan ng pamamahala ng mga Espanyol sa panahon na sakop nila ang Pilipinas.

**Susi sa Pagwawasto**

**Gawain A**

1. **/**
2. 
3. **/**
4. **/**
5. 

**Gawain B**

Pulitika- nagkaroon ng pamahalaang sentrilisado, nagkaroon ng dalawang sangay ng pamahalaan; pambansa at lokal, nabigyan ang ilang Pilipino na magkaroon ng posisyon sa pamahalaan.

Relihiyon- pinalaganap ang kristiyanismo, dumami ang misyonero at nagsimula ang pagpapatayo ng mga parokya

Edukasyon- nagbukas ng mga paaralang pambabae at panlalaki, itinuro ang wikang Espanyol

Panahanan- ipinakilala ang bahay na bato, ipinakilala ang katayuan sa lipunan patungkol sa lokasyon ng tahanan.

Ekonomiya- dumami ang dayuhang mangangalakal, lumaki ang kita ng mga opisyales at lalong naghirap ang mga Pilipino

**Gawain C**

Mabuting Dulot- nagbukas ng mga paaralan, nagkaroon ng pag-unlad sa komunikasyon at transportasyon, nalinang ang panitikan at agham,

Hindi Mabuting Dulot- hindi nabigyan ng patas na karapatan ang kababaihan, naghirap ang mga Pilipino dahil sa buwis at polo, ipinatupad ang sistemang kasama, nabuksan ang Pilipinas sa iba pang mananakop

**Natutuhan ko**

A , C , D, E, G